# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-23 ng Enero, 2024

## KAILANGAN NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN PARA SA PRESIDENSYAL NA PRIMARYA SA MARSO

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay naghahanap ng mga karagdagang manggagawa sa botohan sa buong county para sa presidensyal na primaryang eleksyon sa Marso 2024. Ang mga manggagawa sa botohan ay may mahalagang katungkulan sa mga eleksyon at maaaring maglingkod sa kanilang komunidad habang kumikita ng pasweldo.

Mayroong partikular na pangangailangan para sa mga manggagawa sa botohan na bilingguwal sa Chinese, Vietnamese, at Filipino na makapagtrabaho sa mga vote center na matatagpuan sa buong North County, South Bay at East County.

Dagdag pa rito, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nangangailangan ng mga manggagawa sa botohan na bilingguwal sa Somali para sa mga vote center sa Oak Park, at mga manggagawa sa botohan na bilingguwal sa Loatian para sa mga vote center sa Encanto, Paradise Hills, at Bay Terraces.

Inire-require ng batas pederal ang opisina ng Tagapagrehistro na magkaloob ng mga nakapag-sasalita ng bilingguwal at materyales para sa mga botanteng nagsasalita ng Chinese, Filipino, Spanish at Vietnamese.

Ang mga inire-require ng estado at county ay nagpapakita ng pangangailangan ng nakakapagsalita sa Arabic, Japanese, Korean, Laotian, Somali at Persian (Farsi at Dari) sa piling mga vote center sa buong county.

Sa ilalim ng Voter’s Choice Act, pinapalitan ng mga vote center ang mga tradisyonal na lugar ng botohan. Ang mga vote center ay bukas sa buong county para sa isang pinahahabang panahon bago ang Araw ng Eleksyon. Sa halip na isang araw ng serbisyo, ang mga manggagawa sa botohan ay kailangan na ngayon upang tauhan ang mga vote center hanggang 11 araw sa dalawang linggo bago ang Araw ng Eleksyon.

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-23 ng Enero, 2024

Depende sa assignment, ang mga manggagawa sa botohan ay makakatanggap ng sweldo na magsisimula sa $135 hanggang $160 kada araw ng serbisyo sa vote center sa pagitan ng Ika-24 ng Pebrero at Ika-4 ng Marso.  Sa Araw ng Eleksyon, Ika-5 ng Marso, ang mga manggagawa sa botohan ay makakatanggap ng sweldo na magmumula sa $220 hanggang $270 sa dahilan na mas pinahahabang mga oras. Para doon sa mga bilingguwal ay makakatanggap ng karagdagang $5 kada araw ng serbisyo sa vote center at may pagtaas hanggang $10 sa Araw ng Eleksyon.

Kasama sa mga responsibilidad ang:

- Pagbibigay ng mahusay na serbisyo sa customer
- Pagtulong sa mga botante
- Pagsusumite ng mga papeles ng pasweldo
- Pagdalo sa dalawang-araw, bayad na pagsasanay ng manggagawa sa botohan ($95 araw-araw na sweldo)
- Pagbubukas/pagsasara ng vote center
- Pagsagot sa mga katanungan ng botante

Ang mga aplikante ay dapat hindi bababa sa 18 taong gulang, isang U.S. citizen at nakarehistro upang makaboto sa California, o legal na karapat-dapat na permanenteng residente ng United States. Ang mga aplikante ay dapat ding may sariling transportasyon papunta sa kanilang nakatalagang vote center.

Ang Tagapagrehistro ay naghahanap ng mga tao na team player, nagpapakita ng malakas na pamumuno at mga kasanayan sa serbisyo sa customer, at nagpapakita ng plexibilidad, pasensiya at ang pinakamataas na lebel ng integridad sa lahat ng oras. Ang mga manggagawa sa botohan ay dapat i-representa ang Tagapagrehistro ng mga Botante sa isang propesyonal, at walang partidong pamamaraan.

Ang mga aplikasyon ay available sa sdvote.com. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o mag-email sa pollworker@sdcounty.ca.gov.

###